
4

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 10:
## Isulat mo at Bigkasin

*Pagsulat at Pagbasa ng Tugma/Tula*



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Baitang 4**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan– Modyul 1: Tugma-Tula!**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Judith L. Osea

**Editor:** Laila C. Namoro

**Tagasuri:** Rechie O. Salcedo

**Tagaguhit:** Mark Anthony Taduran

**Tagalapat:** Nathan A. Bea, Rey Antoni S. Malate

**Tagapamahala:** Regional Director: Gilbert T. Sadsad
CLMD Chief: Francisco B. Bulalacao
Regional EPS In Charge of LRMS: Grace U. Rabelas
Regional ADM Coordinator: Ma. Leilani R. Lorico
Reginal EPS – Filipino: Nora J. Laguda
CID Chef: Jerson V. Toralde
Division EPS In Charge of LRMS: Belen B. Pili

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ______________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Mobile Phone: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

4

# Filipino

## Unang Markahan– Modyul 10: Tugma-Tula!

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 4 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Tugma-Tula! .

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino 4 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Tugma-Tula.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!


## Alamin

Kamusta ka na?

Nasubukan mo na bang gumawa ng tula? Paano mo ba ito ginagawa? At paano ang tamang pagbasa ng tula?

Sa modyul na ito, inaaasahang makakamit mo ang sumusunod na kasanayan:

1. Nakasusulat ng tugma o maikling tula tungkol sa natatanging tao sa pamayanan.
2. Nababasa ang maikling tula nang may tamang bilis, diin, expresyon at intonasyon.



## Subukin

Alam mo ba ang wastong pagbuo ng isang tugma o tula?

***Panuto:*** Punan ng tamang sagot ang puwang sa tula sa ibaba upang makasulat ng isang buong tula. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

**Ang Basurero**

| | |
|---|---|
| A. | pahalagahan |
| B. | pinag-aaralan |
| C. | Ginawa |
| D. | Kinabukasan |
| E. | kapaligiran |

Pagtulo ng pawis ay di alintana
Magampanan lamang ang 1.____________
Bayani ng 2.___________ kung maturingan
Ang kanilang hanggad ay kalinisan

Basura'y huwag sayangin pinagkakakitaan
Reduce, reuse, recycle 3.____________
Tatlong gawain 4._____________
Para sa ating 5._____________

***Panuto:*** Piliin ang salitang may tamang diin sa loob ng saknong upang maibigay ang tamang kahulugan ng tula. Isulat ang sagot sa sagutang papel. Pagkatapos, basahin nang malakas ang tula na may tamang diin, bilis, expresyon at intonasyon.

**Klasrum**

Paligid na 6. (**PU**no, pu**NO**) ng alaala
Dala ng silid ay ligaya
Tuwing kami ay nagbabasa
Sa puso ni maam dala ay 7. (**SA**ya, Sa**YA**)

8.(**BA**sa, Ba**SA**) sa umaga, basa sa 9. (**HA**pon, ha**PON**)
Mga natutunan ay iniipon
Sa kahon ng buhay na tila isang alon
Kaya't 10. (**KA**ibigan, kai**BI**gan) huwag sayangin ang pagkakataon

Binabati kita. Natapos mo ang unang pagsubok. Alamin natin sa pahina 16 ang wastong sagot sa mga tanong.

Saang antas ka nabibilang?

5 tamang sagot – NAPAKAHUSAY
3-4 tamang Sagot – MAGALING
1-2 tamang sagot – PAGBUBUTIHAN PA
0 tamang sagot – KAYA MO YAN



| Aralin | Tugma-Tula<br>(Pagsulat at Pagbasa ng Tula) |
| --- | --- |


## *Balikan*

Magbalik-aral ka.

Naaalala mo pa ba ang pangngalan?

**Panuto:**Isulat sa sagutang papel ang pangngalan na ginamit sa pangungusap.

1. Ang Covid ay nakakapagpabagsak ng ekonomiya ng ating bansa.
2. Si Aling Teresa ay nagluluto ng mga masasarap na ulam.
3. Sa aming bakuran ay may mga tanimang gulay.
4. Itapon ang basura sa tamang lalagyan.
5. Ang aming punong baranggay ay masipag.



## ***Tuklasin***

Kilala mo ba ang mga bagong bayani ng ating bayan? Dapat lang na alam mo kung sino sila dahil mayroon silang kakaibang katangian na ginagampanan sa ating pamayanan? Handa ka na bang ipagmalaki ang mga taong ito?

Bago tayo magpatuloy, hanapin ang kasingkahulugan ng mga salita sa Hanay A na nasa Hanay B. Isulat lamang ang titik ng tamang sagot.

<u>Talasalitaan:</u>

| **Hanay A** | **Hanay B** |
|---|---|
| 1. sumisilay | A. kaparusahan |
| 2. humpay | B. sumilip |
| 3. pugay | C. kalsada |
| 4. krimen | D. pagbati |
| 5. lansangan | E. walang pahinga |

**Panuto:** Halina't basahin mo ang tula na may tamang bilis, diin, expresyon at intonasyon. Humingi ng tulong sa guro, magulang, o kapatid upang mabigkas ito nang maayos.

**Bayani ng Bayan**

Pagkagising sa umaga,/ ***ngitî*** niya'y sumisilay
***Punó*** ng pagmamahal/ kanyang ibinibigay
Pag-aaruga sa ***pamílya*** ay walang humpay
Iyan si ***Nanay***/ na binibigyang pugay**.**//

Pagpasok sa paaralan,***pagtuturò*** ginagampanan
Upang ***mahasà*** ang talino ng batang tinuturuan
Magkaroon ng magandang kinabukasan

Yan si Maam at Sir na handa tayong tulungan.


Katahimikan ng pamayanan kanilang binabantayan
Batás ipinatutupad ng ***walâng*** kinikilingan
Mga krimen sa lansangan ay mawala ng tuluyan
Iyan ang mga Pulis, 24/7 sa pagiging ***alertó*** sa bayan

Kalusugan sa kanila'y nakasalalay
Serbisyong medical 100% ibinibigay
Mga mamamayan hinahangang tunay
Iyan si ***Dok*** at ***Nars*** inaalagaan ang buhay

Lumubos mo bang nauunawaan ang nais ipahiwatig ng tulang binasa? Sige nga, sagutin mo ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang pamagat ng tula?
2. Sino sino ang tinutukoy na bayani ng tula?
3. Ano ang kanilang tungkulin sa pamayanan?
4. Mahalaga ba ang kanilang tungkulin? Bakit?
5. Gusto mo rin bang maging bayani tulad nila? Sa papaanong paraan mo ito magagawa?

Magaling! Ngayong nasagutan mo ang mga tanong, tukuyin mo kung tama o maali ang sagot mo sa susi sa pagwawasto sa **pahina 16.**



## ***Suriin***

Balikan natin ang tulang iyong binasa.

***Panuto:***Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel upang mabuo ang tugma sa tula.

1-2Pagkagising sa umaga, ngiti niya'y (*a. sumisilay, b. nakikita*)
Puno ng pagmamahal kanyang ibinibigay
Pag-aaruga sa pamilya ay walang (*a. tigil, b. humpay*)
Iyan si Inay na binibigyang pugay.

3.Pagpasok sa paaralan, pagtuturo ginagampanan
Hasahin ang talino ng batang *(a. tinuturuan, b. magalang*)
Upang magkaroon ng magandang kinabukasan
'Yan si Maam at Sir na handa tayong tulungan

4Katahimikan ngpamayanankanilang(*a. kasama b. binabantayan*)
Batas ipinatutupad ng walang kinikilingan
Mga krimen sa lansangan ay mawala ng tuluyan
Iyan ang mga Pulis, 24/7 sa pagiging alerto sa bayan

5.Kalusugan sa kanila'y nakasalalay
Serbisyong medical 100% ibinibigay
Mga mamamayan hinahangaang *(a. tunay b. totoo)*
Iyan si Dok at Nars inaalagaan ang buhay

**B. Panuto:** Piliin ang mga salitang may tamang diin hango sa tulang binasa. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. A. **ngiti** | B. **ngitî** | C. **ngitì** | D. **ngití** |
| 2. A. **nanây** | B. **nanày** | C. **nanay** | D**. nanáy** |
| 3. A. **mahasà** | B. **mahasa** | C. **mahasá** | D. **mahasâ** |
| 4. A. **walàng** | B. **walâng** | C. **waláng** | D. **walang** |
| 5. A**. alertò** | B**. alertó** | C. **alerto** | D. **alertô** |

---

**Lagi mong tandaan...**



**Tula** – ay nagtataglay ng magkakatugmang salita sa hulihan o dulo ng bawat taludtod o linya sa bawat saknong.

**Tugma** – ang pagkakapareho ng huling tunog sa bawat taludtod.

***Pagsulat ng tugma o tula:***

- Tradisyunal na Tula ay may sukat at tugma sa bawat taludtod. Samantalang ang ang Malayang Tula ay walang sukat.
- Isaalang alang ang kaisipan, mensahe o damdamin sa nais iparating.
- Gumagamit ng mga tayutay o pumipili ng salitang nagbibigay ng talinhaga upang maging maganda ang tula.
- Nagbibigay ng tono o damdamin nais ipahiwatid ng tula.

***Pagbigkas ng tugma o tula:***

- Dapat nababasa ang tugma o tula sa tamang bilis, intonasyon at expresyon o damdamin na naaayon sa nilalaman/mensahe ng paksa ng tula.

- Maging maingat sa tamang bigkas ng mga salita ayon sa diin.
    - ***Malumanay***- binibigkas ito ng may diin sa ikalawang pantig mula sa huli. Hal.: *Nanay, Dok at Nars*
    - ***Mabilis*** - Binibigkas ng tuloy-tuloy na ang diin ay nasa huling pantig ngunit walang impit sa dulo. Hal.: *punó,pamílya, alertó*
    - ***Maragsa -*** Ito ay binibigkas ng tuloy-tuloy na ang huling pantig ng salita ay may impit. Ito ay lagging nagtatapos sa patinig.
      Hal. *ngitî, walâng*
    - ***Malumi -*** Tulad ito ng malumay na may diin sa ikalawa sa hulihang pantig ngunit nagtatapos sa impit na tunog. Hal. mahasà, pagtuturò

## *Pagyamanin*

Ipagpatuloy ang pagsasanay.

Handa ka na ba? Simulan na natin…

A. Sumulat ng tugma o tula base sa larawan. Tingnan ang rubriks sa **pahina 16** upang maging gabay sa pagsulat.



B. Basahin ang maikling tula nang may tamang bilis, diin, ekspresyon at intonasyon. Humingi ng gabay sa guro, magulang o kapatid upang mabigkas ng tama ang mga salita. Gamitin ang rubrik na nasa **pahina 16.**

**Basurero**

Bayani ng kapaligiran kung maturingan
Kanilang hangad ay kalinisan
Kayo ay marangal na tagapangalaga ng
kalikasan
Walang pangalan at walang pagkakilanlan.
Sa ilalim ng mainit na araw
Sa damdamin mo'y ito ay makakapukaw
Kasipagang umaapaw
Salamat, kalinisan dahilan ay ikaw.

## *Isaisip*

Anong natutuhan mo sa araling ito? Ibigay ang iyong sagot.

1. Ang _________ay nagtataglay ng magkakatugmang salita sa hulihan o dulo ng bawat taludtod o linya sa bawat saknong.
2. Ito naman ay ______na may magkapareho ang huling tunog sa bawat taludtod.
3. Tradisyunal na Tula ay may _______at _______ sa bawat taludtod.
4. Dapat nababasa ang tugma o tula sa tamang______, ________, at _________ o damdamin na naaayon sa nilalaman/mensahe ng paksa ng tula.
5. Ano ang iba't ibang uri ng diin ng salita? ______,______,______, __________.

## *Isagawa*

Upang lubos na masanay ka sa pagsulat at pagbigkas ng tugma o maikling tula. Isagawa ang gawain sa ibaba.

**A.** Basahin at isulat ang salitang nawawala sa bawat taludtud upang mabuo ang tugma ng tula. Piliin ang sagot sa mga bilog at isulat ito sa sagutang papel.

pamilya    serbisyo    inyo

pagsubok    paglilingkod

**Salamat**

Maraming salamat sa inyong 1.______________
Walang makakapantay sa inyong sakripisyo
Hiwalay man kayo sa inyong mga 2.____________
Inyo pa ring kinakaya

Ang pandemyang ito'y ating 3. ________________
Ngunit kayo pa rin ay lakas loob na pumapasok
Kami ay saludo sa inyong 4.__________________
Buong puso naming tatanawin ang inyong pagod.

Maraming salamat sa bawat sa 5. __________
Lahat kami ay sumusunod sa gobyerno
Para makaligtas at iwasan ang pagkalat
Dahil sa sakit na ito'y kami namulat

**B.** Piliin ang letra ng tamang simbolo sa bawat salitang may salungguhit upang mabigkas ito ng tama. Isulat ang sagot sa papel. Basahin ang tugma sa tamang bilis, diin, expresyon at intonasyon.

Si kuya ay batang palangiti
Laging ginagamit ang daliri
Sa pagkuha ng butiki
Upang ito ay iwaksi

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. kuya | a. ´ | b. ' | c.^ |
| 2. palangiti | a. ´ | b. ' | c.^ |
| 3. daliri | a. ´ | b. ' | c.^ |
| 4. butiki | a. ´ | b. ' | c.^ |
| 5. iwaksi | a. ´ | b. ' | c.^ |

Magaling! Matapos mong sagutin ang pagsubok, tignan kung ito ay tama o mali sa pahina ng susi sa pagwawasto sa **pahina 16.**






## *Tayahin*

**A. *Panuto:*** Punan ng angkop na salita ang mga patlang upang mabuo ang maikling tula o tugma tungkol sa tao sa pamayanan. Pumili ng salita mula sa kahon at isulat ang titik sa sagutang papel.

1-2.



Sa kanlungan ni _______ tulog mo'y ________.

A. ate
B. Inay

C. mahimbing
D. malambing

3.



Sa pagkat ______niya ay hindi maidadaing

A. pagmamalasakit
B. pagmamahal

4.



Kaya't sa bawat oras ilaan sa kanya iyong____ ________

A. piling
B. kalinga

5.



Upang maramdaman niya na siya'y iyong ________

A. hinahangaan
B. iniibig

**C. *Panuto:*** Basahin ang maikling tula nang may tamang bilis, diin, expresyon at intonasyon. Piliin ang salita na may tamang diin sa loob ng panaklong. Isulat ang sagot sa papel. Gamitin ang rubrik sa pahina____ sa tulong ng iyong magulang o kapatid.

**Aming Bakuran**
ni Baby Elsie M. Jove

Bakuran nami'y hitik sa bunga,
May 1. (**úpo, upô**) na masustansiya
2.(**Galíng, Gáling**) pa sa aming probinsiya
Na nagbibigay sustansiya at enerhiya

Matatagpuan rin mga 3.(**punô, punò**) sa kapaligiran
May nasa 4.(**pasó, pasô**) na mga halaman
Nang ako'y umupo sa di kalayuan
5.(**Kitá, Kíta**) kong lobo nasa hanginan

Bilib na talaga ako sa iyo. Nasagutan mo lahat na pagsubok. Iwasto mo ang iyong mga kasagutan sa **pahina 16.**

Anong naramdaman mo matapos malaman ang
resulta ng iyong pagsisikap?

☹ ☺ 😐



## *Karagdagang Gawain*

Para hindi mo makalimutan magsanay ka pa.


**A. Panuto:** Sumulat ng maikling tula tungkol sa itinuturing mong natatanging tao sa inyong pamayanan. Tingnan ang rubriks sa pahina 1. Halimbawang pamagat.


**Idol ko si Kap**

**B. Panuto:** Isulat ang titik ng tamang larawan ayon sa tamang bigkas at kahulugan ng salita. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. **BA**ta

   ba**TA**


   A. 

   B. 

2. su**KA**


   **SU**ka


   A. 

   B. 


3. **BU**kas


   bu**KAS**

   A. 

   B. 

4. **PI**to

piTO


A. 

B. 

5. ba**GA**

**BA**ga

A. 

B. 



# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

A.1.C
2.E
3.A
4.B
5.D

B.1.puNO
2.saYA
3.baSA
4.haPON
5.KAIbigan

**Balikan**

1.COVID
2.Aling Teresa
3.bakuran
4.basura
5.barangay

**Tuklasin**

A. Talaslitaan
1.B 4.A
2.E 5.C
3.D

B. Sagot
1. Bayani ng Bayan
2.Nanay, Guro, Dok, Nars
3-5 Depende sa pagwawasto ng guro

**Suriin**

A.1.A
2.B
3.A
4.B
5.A

B.1.B
2.C
3.A
4.B
5. B

**Pagyamanin/Tayahin/Karagdagang Gawain**

**Pagsulat/Pagbikas ng Tugma/Tula**

| Elemento | 5 *(Napakagaling)* | 4 *(Magaling na Magaling)* | 3 *(Magaling)* | 2 *(Katamtaman)* | 1 *(Sanayin pa)* |
|---|---|---|---|---|---|
| Malinaw at nauunawan ang nilalaman ng tugma/Nababasa ng maayos ang tugma/tula. | | | | | |
| Angkop ang mga salitang ginamit sa tugma/Nababasa ng may tamang diin ang bawat salita | | | | | |
| Mabisa at maayos ang pagkakasunod sunod ng mga kaisipan/ Nabibigkas ng tamang bilis. | | | | | |
| Nakapagbigay ng interes sa mambabasa/Nabibigkas ng tamang intonasyon/expresyon | | | | | |
| Oras ng pagtapos sa gawain | | | | | |
| KABUOAN | | | | | |

**Isaisip**

1.tula
2.tugma
3.sukat o tugma
4.bilis, intonasyon at expresyon
5.malumanay, mabilis maragsa, malumi

**Isagawa**

A.1.Serbisyo
2.Pamilya
3.Pagsubok
4.Paglilingkod
5. Inyo

B.1.A 4. C
2.B 5. C
3.B

**Tayahin**

A. 1-2, B,C
3. B
4. B
5. A

B1. upô
2. Gáling
3.punò
4.pasô
5.kíta

**Karagdagang Gawain**

B.1. B, A
2. A, B
3. A, B
4. B, A
5. B, A

## *Sanggunian*

Agarrado, Patricia Jo C.,et.al.,"Alab sa Filipino Batayang Aklat 5, 2016, Quezon City, Vibal Group Inc., pahina 33

Almario, Virgilio, UP Diksiyonaryo Filipino 2nd ed.,ANVIL Publishing Inc. ,2010

Jove, Baby Elsie M. *Aming Bakuran*. Iriga City. Unpublished text, 2020

Kontekstualisadong Banghay-Aralin sa Filipino, Baitang 4, Unang Kwarter, Linggo 3 Araw pahina 62-65

Reynaldo, Alma. "Mga Uri ng Diin" https://www.google.com/url?sa=t&source=web&rct=j&url=https://pt.slideshares.net/mobile/almareynaldo/mga -uringdiin/6&ved=2ahUKEwjiofLUwuzpAhWvGaYKHQBYBUAQFjABegQIARAB&usg=AOvVaw01vpPSCvkuj12Yq6Z3&cshid=1591423788989

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph